

Wikang Pilipino Bilang Pangalawang Wika

Ni Jose M. Ramos

Mga batayan ng pagtuturo ng Wikang Pilipino bilang pangalawang wika

ANG Wikang Pilipino ay itinuturing na pangalawang wika sa mga pook na hindi nagsasalita nito. Ang wikang ito ay pinag-ukulan ng masusing pag-aaral tungkol sa kung paano mapagagaan at mapadadali ang paraan ng pagtuturo at ang pagkatuto nito.

Batay sa mga pamamaraang ginagamit sa pagtuturo ng mga sining ng wika, ang Wikang Pilipino ay nangangailangan ng palagiang paggamit at tumpak na pagbigkas alinsunod sa kakanyahan ng wikang ito. Ang unang gawaing dapat isaalang-alang ay ang pagsasanay na pasalita. Nasasangkot dito ang pakikinig. Samantalang binibigkas ng guro ang mga salita, ang mga bata naman ay matamang nakikinig. Pagkatapos, ang mga bata naman ang magsasalita, hanggang sa sila ay magkaroon ng kasanayan sa pagbigkas na naaayon sa huwaring-bigkas ng guro. Isusunod dito ang pagbasa. Ang mga kagamitang sinunod sa pakikinig at pagsasalita ang pagsasanayan sa pagbasa na ang layon ay makaunawa. Sa wakas ay sinusundan ito ng pagsulat. Upang magkaroon ng mabuting pag-unawa ang mga bata, ang pagsasanayan ay ang mga pinagaralan sa pakikinig at pagsasalita.

Upang matiyak naman ang lubos na pagkatuto, ang paggamit sa iba-ibang kalagayan ng lisyong napagaralan na ang siyang pagbabatayan.

Sa inihandang kagamitan sa pagtuturo na kalakip nito ay sinikap na linangin ang mga gawain alinsunod sa kasanayan sa pakikinig, sa paghalata sa tunog na naririnig kung binibigkas ang mga salita, at sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Sinikap ding ano mang aralin tungkol sa wika ay iayon sa mga gawain sa pakikinig, pagsasalita, pagbigkas, pagbasa, pagsulat at pagsasanay.

Ang mga nilalaman ng aralin tungkol sa pakikinig at pagsasanay ay dapat ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral. Sa pagpapaliwanag ay maaaring gumamit ng katutubong wikain, kung ito ay kinakailangan at hindi maiiwasan.

Mga Hakbangin sa pagtuturo ng Wikang Pilipino, bilang pangalawang wika

Ang mga gawain tungkol sa pagtuturo ay matutunghayan nang sunud-sunod sa ibaba, kalakip ang mga paliwanag tungkol sa bawa't hakbangin. Ang

mga paliwanag dito ay mungkahi lamang at hindi maaaring gamitin o pagbatayan nang lubusan sa iba pang susunod na mga lisyong. Sukat nang banggitin nang sunud-sunod ang mga hakbanging kinakailangan sa pagtuturo ng pangalawang wika. Ipinababaha sa mga guro ang angkop na pamamaraan at mga gawaing hinihingi ng lisyong sa ikapagtatagumpay ng pagtuturo.

A. Makinig at magsanay — Ang mga salita, pangungusap o lisyong kaya ay malinaw na bibigkasin muna ng guro nang makailan hanggang magkaroon ng mahusay na huwaran ang mga bata. Kailangang ang tunog ng mga salita at ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito ay mabigkas nang maayos at ganap. Ang guro ang siyang huwaran, kaya't pagkatapos niya, ang mga mag-aaral naman ang bibigkas.

B. Pagbasa — Ang gawaing ito ay susundin ng mga mag-aaral matapos magawa ng guro; alalaong baga'y babasahin ng mga mag-aaral ang ano mang lisyong matapos na ito ay mabasa ng guro. Sa babasahin ay nakalakip ang mga salita, pangungusap o ano mang lisyong nalinang na sa unahan sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita.

K. Pagsulat — Sa bahaging ito ay bibigyan ng pagkakataon ang mga bata na maiugnay ang kaalamang pasalita sa gawaing pasulat. Maaaring magpasipi, magpakatha, magpasagot sa mga tanong, magdikta o ano pa mang inakala ng guro na makatutulong sa ganap na pagkaunawa ng lisyong.

D. Pagsasanay — Upang maging ganap ang kasanayan ng mga bata ay kailangang ulitin ang pagbanggit o pag-untag sa lisyong, nguni't sa iba namang paraan. Sa paraang ito matitiyak ang maayos na pagbigkas, wastong pag-ugna-ugnay ng mga salita at pangungusap, at kaalaman at kalawakan ng talasalitaan.

E. Paggamit — Sa iba-ibang paraan, kalagayan at pagkakataon gagamitin ng mga bata ang kanilang natutuhan. Halimbawa, sa gawaing-kamay ay ipahahayag ng mga bata ang kanilang natutuhan sa pag-aaral sa pamamagitan ng paglikha o paggawa ng mga bagay na maaaring makita, mahawakan o madama.

Note:

Other lessons follow the same pattern of activities with some variations to some extent in the performance. The contents and exigencies of the lesson determine, in large measure, the "how to treat" it.

HUWARANG BANGHAY NG PAGTUTURO NG
WIKANG PILIPINO PARA SA
IKALAWANG BAITANG

Ikalawang Pangkat — Mga Gawaing Pangmamamayan, Unang Lisyon

Layuning Panlahat: Matalos na ang kasanayan sa wika — pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pag-sulat — ay mga mabisang kagamitan sa pagpapahayag ng kaisipan.

Layuning Tiyak: Linangin ang kakayahang makapagpahayag ng sariling kaisipan na may wastong bigkas at pagkakaugnay-ugnay ng mga salita.

Paksang-aralin: Paggalang Sa Watawat — “A. M. for Teaching the Filipino Language In Grade Two, pp. 47-48.”

Pamamaraan:

A. Makinig at magsanay: (Sasabihin ng guro)

Tumayo tayo nang tuwid.

Tumingin tayo sa watawat.

Ang mga batang babae at lalaki ay tumayo nang tuwid.

Hawakan ng kanang kamay ang sumbrero at ilagay sa tapat ng puso.

Huwag mag-iingay.

Huwag magsasalitaan.

Huwag magtatawanan.

Huwag lilingon.

Huwag lalakad.

Huwag malikot.

B. Basahin ang kuwento sa ibaba: (Babasahin muna ng guro)

Umaga noon. Sa harapan ng paaralan ay inilalad-

lad ang watawat. Ang mga bata ay nakapila. Silang lahat ay nakatayo nang matuwid. Silang lahat ay nakatingin sa watawat. Ang sumbrero ng bawat batang lalaki ay hawak sa kanang kamay at nakalagay sa tapat ng kaniyang puso. Hindi sila maingay. Hindi sila malikot.

K. Isulat ang sagot:

1. Paano ang wastong paggalang sa watawat?

2. Ano ang dapat nating gawin?

3. Ano ang dapat gawin ng ibang tao?

D. Basahin natin nang tahimik bago bigkasin:

Sa paglaladlad ng watawat lahat ay dapat tumayo nang matuwid. Tumingin sa watawat. Kung may sumbrero, hawakan ito ng kanang kamay at ilagay sa tapat ng puso. Tumahimik at magpitagan sa watawat.

E. Gumihit ng larawan ng isang batang nagpupugay sa watawat.

Sagutin ang mga ito:

1. Ano ang dapat gawin ng lahat kapag inilaladlad ang watawat?

2. Paano ito malalaman ng mga mamamayan sa inyong pook?

3. Sinu-sino ang dapat magpauna sa paggalang sa watawat?

Mga Sanggunian:

1. A Manual for Teaching National Language for Grade Two

2. Fries, Charles — Teaching and Learning English as A Foreign Language

The Rice Terraces

By Theresa G. Villanueva

*Our forefathers did find a way
To keep the soil and water stay
On a mountain side for rice to grow.
No level space to plant and care
Only the mountains standing bare.*

*So they carved on the mountain side
The terraces known far and wide
With me I'm sure you will agree
That they did an amazing feat
No other people could defeat.*

*Like giant ladders up so high
Or a magic carpet from the sky
Which nature draped on a mountain side.
With growing plants they're emerald green
Or tinted gold with the ripening grain.*

*Our forefathers we hail thee
For such a living memory
Whose grandeur spread afar and wide.
Now folks from far and near come here
To view the world's eighth wonder.*